Mensahe Dalawa

# Pagkakita ng isang Pangitain ng Trono ng Diyos, ang Espirituwal na Eksena sa likod ng Situwasyon ng Mundo, at si Kristo bilang ang Sentro ng Administrasyon ng Diyos

Babasahin sa Kasulatan: Dan. 4:17, 26, 34-37; 7:9-10; 10:4-21; Apoc. 1:4-5; 4:5; 5:6

**I. Kailangan nating makita ang isang espirituwal na pangitain ng trono ng Diyos bilang ang sentro ng administrasyon ng Diyos sa buong sansinukob—Apoc. 4:2; 5:1; Ezek. 1:26:**

A. Bilang ang soberanong Isa, ang Diyos ay mayroong lubos na kapasidad upang isagawa kung ano ang ninanais ng Kanyang puso at ayon sa Kanyang walang hanggang ekonomiya—Apoc. 4:11; Dan. 4:35; Rom. 9:19-24.

B. Ang Diyos sa trono ay nasa likod ng eksena na namumuno sa lahat ng tao at lahat ng bagay—Isa. 6:1; 1 Hari 22:19:

1. Lahat ng bagay hinggil sa situwasyon ng mundo ay pinagpapasyahan sa trono.
2. Walang anuman ang mangyayari labas sa pamumuno ng trono ng Diyos—Job 1:6-12; 2:1-6.

C. Ang aklat ng Apocalipsis ay isang aklat ng administrasyon ng Diyos, ibinubunyag ang trono ng Diyos para sa dibinong administrasyon—4:2; 5:1; 6:16; 7:9; 8:3; 21:5:

1. Ang trono sa Apocalipsis 4 at 5 ay ang trono ng dibinong awtoridad.
2. Sa wari, ang trono ay di-nakikita at hindi natatanto ng tao; sa katunayan, ang trono ay nasa likod ng eksena na namumuno sa lahat ng tao at lahat ng bagay.

D. Ang aklat ng Daniel ay nagpapakita na ang lahat ng mga hari at mga kaharian ng mundo ay nasa ilalim ng administrasyon ng Diyos—7:9-10; 2:34-35:

1. Lahat ng pantaong pamahalaan mula kay Nimrod hanggang kay Antikristo ay napasailalim at magpapatuloy na mapapailalim sa mga kalangitan sa pamamagitan ng Diyos ng mga kalangitan—7:9-12.
2. Sinanhi ng Diyos si Nabucodonossor upang mabatid na siya ay walang anuman at ang makapangyarihang Diyos, ang Pinuno ng kaharian ng mga tao, ang Isa na nagbibigay ng kaharian sa kanino man Niya gustuhin, ay ang lahat-lahat—4:34-37.
3. Ang buong situwasyon ng mundo ay nasa ilalim ng pamumuno ng mga kalangitan sa pamamagitan ng Diyos ng mga kalangitan—b. 26.

E. Ang pamumuno ng mga kalangitan sa pamamagitan ng Diyos ng mga kalangitan sa lahat ng pantaong pamahalaan sa lupa ay tumutugma sa walang hanggang ekonomiiya ng Diyos upang tapusin ni Kristo ang lumang paglikha para sa pagsibol ng bagong paglikha at upang durugin at kuyumusin ang kabuuan ng pantaong pamahalaan at itatag ang walang hanggang kaharian ng Diyos—2:37, 44; 4:17; Apoc. 11:15.

**II. Ang kapitulo 10 ng aklat ng Daniel ay nagtatanghal ng isang pangitain ng espirituwal na eksena sa likod ng situwasyon ng mundo:**

A. Sa espirituwal na mundo si Kristo ang Isa na may unang puwesto; samakatuwid, sa kapitulo 10 Siya ay unang binanggit—bb. 4-9:

1. Ang ekselenteng Kristo, ang sentralidad at unibersalidad ng pagkilos ng Diyos, ay nagpakita kay Daniel bilang isang tao para sa Kanyang pagpapahalaga, kaaliwan, pag-uudyok, pag-aasam, at katatagan.
2. Ang Kristo na nakita ni Daniel ay mahalaga, mamahalin, kumpleto, at sakdal:

a. Bilang si Jehovah na naging isang tao, Siya ang sentralidad at unibersalidad ng pagkilos ng Diyos upang isagawa ang Kanyang ekonomiya.
b. Bilang ang Saserdote, Siya ay nangangalaga sa atin, at bilang ang Hari, Siya ang namumuno sa atin—b. 5.
c. Si Kristo ay nagpakita kay Daniel sa Kanyang kahalagahan at dignidad, sa Kanyang kaningningan para sa pagsisinag sa mga tao, at sa Kanyang nagliliwanag na paningin para sa pagsasaliksik at paghahatol—b. 6a-c.
d. Si Kristo ay nagpakita sa kinang ng Kanyang gawain at pagkilos at sa Kanyang malakas na pagsasalita upang hatulan ang mga tao—b. 6d-e.

B. Ang espirituwal na eksena sa Daniel 10 ay nagpapaloob ng mga mabuti at masamang espiritu na nagsasagupaan sa isang di-nakikitang espirituwal na digmaan—bb. 12-13, 20-21:
1. Habang nananalangin si Daniel (bb. 2-3), isang espirituwal na sagupaan ang nagaganap sa himpapawid sa pagitan ng dalawang espirutu, ang isa na kabilang kay Satanas at ang isa na kabilang sa Diyos.
2. Mahalagang makita natin na sa likod ng eksena ay isang espirituwal na sagupaan ang nagaganap, isang sagupaan na hindi nakikita ng mga pantaong mata.

C. Habang nagaganap ang sagupaan sa pagitan ng mga pantaong pamahalaan, ang Diyos ay nasa likod ng eksena na namamahala sa situwasyon ng mundo—7:10.

**III. Si Kristo ang sentro ng administrasyon ng Diyos ayon sa walang hanggang ekonomiya ng Diyos—Apoc. 5:6; 22:1:**

A. Si Kristo sa Kanyang pag-akyat sa kalangitan ay nailuklok sa trono upang isagawa ang adminsitrasyon ng Diyos, ang Kanyang pampamahalaang operasyon—Heb. 12:2; Apoc. 3:21; 22:1; 5:6:
1. Ang Isa na nakaupo sa trono ay hindi lamang ang Diyos bagkus ang tao rin; Siya ay ang Diyos-tao, ang taong-Diyos, ang paghahalo ng Diyos at tao—Gawa 7:56.
2. Matapos mapako at mailibing ang Panginoong Hesus, binuhay Siyang muli ng Diyos at itinalaga Siya sa Kanyang kanang kamay, ginawa Siyang Panginoon ng buong sansinukob—2:34-36; Fil. 2:5-11.

B. Ang nailuklok sa tronong Kristo, ang makalangit na Tagapamahala sa pansansinukob na pamahalaan ng Diyos, ay ang karapat-dapat na Leong-Kordero, ang mandaraig na Manunubos—Apoc. 5:1-14:
1. Bilang ang Leon, Siya ay ang Mandirigma laban sa kaaway, si Satanas; bilang ang Kordero, Siya ang Manunubos—bb. 5-6.
2. Sapagkat nilutas ni Kristo ang mga suliranin ng rebelyon ni Satanas at ang pagkatisod ng tao, Siya ay karapat-dapat na magbukas ng balumbon ng ekonomiya ng Diyos—bb. 1-7.
3. Ang Kordero, ang Manunubos, ang Isa na pinatay sa krus para sa ating mga kasalanan, ay nasa trono ngayon, isinasagawa ang administrasyon ng Diyos sa buong sansinukob.
4. Kailangan nating matanto na ang Panginoon ng sansinukob ay isang tao, ang Diyos-tao, ang taong-Diyos—Ezek. 1:26.

C. Sa Kanyang pag-akyat sa kalangitan at pagkakaluklok sa trono si Kristo ay ang Pinuno ng mga hari ng lupa—Apoc. 1:5:
1. Ang maging Pinuno si Kristo ng mga hari ay nangangahulugan na Siya ay nasa ibabaw ng mga makalupang pinuno—Efe. 1:20-22; Fil. 2:9-11.

2. Ang mga makalupang pinuno ay hindi mga tunay na pinuno; si Kristo, ang Hari ng mga hari at ang Panginoon ng mga panginoon, ay ang tunay na Pinuno—Apoc. 19:16.
3. Isinasagawa ni Kristo ang administrasyon ng Diyos bilang ang Pinuno ng mga hari sa lupa sa pamamagitan ng pitong Espiritu ng Diyos na nagniningas sa harap ng trono ng Diyos—1:4; 4:5; 5:6:
   a. Lahat ng mga makamundong pinuno ay nasa ilalim ng nagniningas na pitong Espiritu—1:5.
   b. Ang situwasyon ng mundo at ang pandaigdig na kaganapan ay nasa ilalim ng liyab ng nagniningas na ilawan ng apoy, ang pitong Espiritu ng Diyos—4:5.
   c. Kailangan nating matanto na ang pitong Espiritu ng Diyos ay nagniningas sa harap ng trono hindi lamang hinggil sa mga ekklesia bagkus hinggil din sa situwasyon ng mundo para sa mga ekklesia—1:4-5, 11; 22:16.